Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BAHAY NA TISA, SAN GABRIEL, LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-05 NG SETYEMBRE, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | Kasangguni |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

KAPASYAHANG PANLUNGSOD BLG. 155-2019

ISANG KAPASYAHANG PANLUNGSOD NA MAGALANG NA HUMIHILING SA TANGGAPAN NG KAGAWARAN NG INTERYOR AT PAMAHALAANG LOKAL (DILG) SA PAMUMUNO NI KALIHIM EDUARDO M. AÑO NA MAPAGKALOOBAN ANG TANGGAPAN NG PANLUNGSOD NA PAMATAY SUNOG NG MALOLOS NG KARAGDAGANG FIRE TRUCK AT PENETRATOR.

PANGUNAHING MAY AKDA: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KAMAY-AKDA ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

**SAPAGKAT,** gampanin ng Pamahalaang Lokal ang pagpapanatili ng kaayusan at kaligtasan ng kanyang mga mamamayan, gayundin ang pangangalaga sa buhay at ari-arian ng kanyang mga nasasakupan at isulong ang kagalingang panlipunan na siyang itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas 1991;

**SAPAGKAT,** ang *Bureau of Fire Protection* ay isang kawanihan sa ilalim ng *Department of Interior and Local Government (DILG)* na may pangunahing gampanin na mag-apula ng apoy, magpalaganap ng sapat na kaalaman ukol sa pagpatay sa sunog, gayundin ang pagsasagawa ng search and rescue operations sa panahon ng kalamidad, alinsunod sa itinatadhana ng PD 1185 na sinusugan ng *Republic Act No. 9514* o mas kilala sa taguring "*New Fire Code of the Philippines*";

**SAPAGKAT,** ayon sa tala at datos ng *Philippine Statistics Authority* (PSA) ang Lungsod ng Malolos sa kasalukuyan ay may mahigit 252,000 mamamayan sa 51 barangay, kasama ang 5 barangay na nasa baybay-dagat gayundin ang halos 2000 mga establisyimento at mga paaralan;

SAPAGKAT, batay sa naging pag-aaral ng *City Disaster Risk Reduction and Management Council* (CDRRMC) 30 buhat sa 51 barangay ng lungsod ang nabibilang bilang **fire hazard** at lubhang mahirap para sa Kwerpo ng Pamatay Sunog na apulahin ang sunog na maaaring tumupok dito, dahil na din sa maliliit ang kalsada sa mga nabanggit na lugar;

**SAPAGKAT,** ang Lungsod ng Malolos ang siyang kapital o kabisera at sentro ng kalakalan ng Lalawigan ng Bulacan na tumatayong tagapag-konekta sa kamaynilaan sa mga karatig lalawigan nito sa gawing hilaga at timog;

"

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyang hanay ng mga fire truck ang Lungsod ay mayroon lamang anim (6) na sadyang kulang upang magampanan ang mabigat na tungkulin nito;

**SAPAGKAT,** malaking tulong ang karagdagang *fire truck* at *penetrator* para sa mas epektibong pagpapatupad ng batas;

Kung kaya sa pamamagitan ng kahilingan ni Igg. Nino Carlo C. Bautista na sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng ditoý ginagawang pagpapasya, na magalang na humihiling sa Tanggapan ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal (DILG) sa pamumuno ni Kalihim Eduardo M. Año na mapagkalooban ang Tanggapan ng Panlungsod na Pamatay Sunog ng Malolos ng karagdagang *fire truck* at *penetrator*.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

***KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

***KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*090919